# IPAPATUPAD ANG PAG-AMYENDA SA BATAS NG TRAPIKO SA APRIL 1, 2026

## Ang mga nagbibisikletang lumabag sa batas ng trapiko na may edad na 16 taong gulang at pataas ay maaaring magmulta ayon sa sistema sa pagbibigay-alam ng paglabag sa patakarang pangtrapiko (sa pamamagitan ng tiket na nakaasul)!











**Ano ang isasagawang sistema sa pagbibigay-alam ng paglabag sa patakarang pangtrapiko?**



Ito'y ang isang sistema kung saan abisuhan ang mga lumabag sa batas ng trapiko na drayber ng kotse, motor, bisikleta o iba pang sasakyan sa pamamagitan ng blue ticket na patawan ng multa na nakatakda sa batas. Kung magmumulta, ang drayber ay hindi papatawan ng parusang kriminal ukol sa kanayng paglabag sa batas ng trapiko.

## Ang helmet ay maaaring magligtas ng iyong buhay
## ～Magsuot tayo ng helmet bilang kaugalian kapag nakabisikleta～

Mga uri ng bahaging nasugatan sa katawan ng namatay habang nagbibisikleta (2020-2024)




Ang mga 60% ng namatay sa aksidente habang nagbibisikleta ay nagkaroon ng nakamamatay na sugat sa ulo.
Magsuot ng helmet kapag nagbibisikleta para bawasan ang pinsala sa aksidente.




※ Statistics from Chiba Prefectural Police

**Chiba Prefectural Police**

# ○Matuto tayo ng traffic violation ng bisikleta!


## Hindi huminto nang pansamantala sa lugar na nakatakda

Sa tawiran na may stop sign, siguraduhing huminto bago ng stop line.




## Hindi sumunod sa traffic light

Siguraduhing sumunod sa traffic light, hand signal ng pulis o katulad nito.



## Gumagawa ng ibang bagay habang nagbibisikleta

Kapag nagbibisikleta, huwag gumamit ng ibang bagay tulad ng smartphone, payong o headphones na tumutunog nang malaki parang hindi naririnig ang anumang tunog na karaniwang nangyayari sa palibot.



Nakikita mo ba ang kalagayang nasa palibot?

Naririnig mo ba ang sirena o busina?

## Hindi dumaan sa tamang bahagi ng kalsada

Sa pangkalahatang tuntunin, ang mga bisikleta ay dapat dumaan sa kalsada. Kapag nasa kalsada, siguraduhing manatili sa kaliwang gilid ng kalsada.



**※ Ang nagmamaneho nang nakainom o lasing ay bibigyan ng red ticket bilang malisyosong paglabag sa batas ng trapiko. Itong red ticket na ito ay hindi saklaw ng sistema sa pagbibigay-alam ng paglabag sa patakarang pangtrapiko.**

## 【Ano ang kurso sa pagsasanay sa pagmamaneho ng bisikleta?】

Ang mga paulit-ulit na nagbibisikleta sa labing-anim na paraang mapanganib ay bibigyan ng kursong ito kung dalawang beses o higit pa ang bilang ng paglabag sa batas ng trapiko sa loob ng tatlong taon.

**Ang isang drayber ng bisikleta ay nagmamaneho nang paulit-ulit sa mapanganib na paraan (Dalawang beses o higit pa sa loob ng tatlong taon)**

⬇

**Ipag-uutos ng Prefectural Public Safety Commission ang pagkuha ng kurso**


⬇

**Ang taong inutusan ay kukuha ng kurso sa pagsasanay sa pagmamaneho ng bisikleta**

**Oras ng kurso : 3 oras**
**Mga bayarin : 6,150 yen**

Kung hindi susundin ang utos ng pagkuha ng kurso, ang mga lumabag ay papatawan ng multang hindi higit sa 50,000 yen.





**Maiipon ba ang puntos ng traffic violation sa lisensya ng pagmamaneho?**
**Sa pangkalahatang tuntunin, hindi maiipon puntos ng traffic violation. Sa halip, ipag-uutos ang pagkuha ng kurso bilang penalty ng administrasyon kapag nakalampas ang bilang ng paglabag sa batas ng trapiko sa istandard na nakatakda.**

**Mapanganib na gawing maaaring ipataw ang penalty**(Isang bahagi lang)

- Hindi pagsunod sa traffic light
- Pagmamaneho sa lane division nang hindi tama
- Pagpasok na iligal sa tawiran ng tren
- Hindi paghinto nang pansamantala sa lugar na nakatakda
- Paggamit ng cellphone at iba pa
- Pagmamaneho nang nakainom o lasing
- Paghadlang sa pagmamaneho at iba pa

Sa Chiba Prefectural Police Website, maraming impormasyon tulad ng patakaran sa trapiko ng bisikleta o katulad nito. 千葉県警察 自転車の交通ルール 🔍